

Ano ang gagawin kung may isang tao sa trabaho na may COVID-19

Kung may isang tao sa trabaho na may COVID-19, o maaaring nalantad, kailangang kagyat mong sundin ang mga hakbang sa ibaba. Huwag maghintay na makumpirma na siya nga ay may COVID-19.

Ang impormasyong ito ay tutulong sa iyo sa lugar ng trabaho. Gayunpaman, dapat mong laging sundin ang payo ng inyong [departamento ng pampublikong kalusugan sa estado o teritoryo \(state or territory public health department\)](#).

Kung ang tao ay may mga malulubhang sintomas katulad ng pangangapos ng hininga, tumawag sa 000.

1. Ibukod ang tao

Ibukod ang tao mula sa iba. Dapat kang magbigay sa kanya, at sa sinumang tumutulong sa kanya, ng angkop na kagamitan para sa personal na proteksyon katulad ng mga naitatapong surgical mask at hand sanitiser (panlinis ng kamay).

2. Humingi ng payo at tasahin ang mga panganib

Humingi ng pangkalusugang payo ng pamahalaan mula sa inyong [pang-estado o pang-teritoryong helpline \(state or territory helpline\)](#), o mula sa National Coronavirus Helpline (1800 020 080).

Tiyaking mayroon ka ng mga detalye ng kontak para sa tao. Magtala ng tungkol sa mga lugar na maaring pinuntahan niya sa lugar ng trabaho, sinu-sino ang naka-ugnay niya nang malapitan, at kung gaano katagal, upang mabatid mo ang tungkol sa mga panganib sa iba, at ang mga lugar na lilinisin at didisimpektahin.

Maaaring kailanganin mo ring abisuhan ang inyong [regulator ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho ng estado o teritoryo \(state or territory work health and safety regulator\)](#).

3. Transportasyon

Tiyakin na ang tao ay may transportasyon pauwi sa kanyang bahay, isang lokasyon na makakabukod siya, o sa isang pasilidad na medikal kung kailangan. Hangga't maaari, dapat siyang gumamit ng personal na paraan ng transportasyon upang bawasan ang paglalantad sa iba.

4. Maglinis at mag-disimpekta

Isara ang mga lugar na ginamit ng tao hanggang sa ang mga ito ay malinis at madisimpekta. Ibukas ang panlabas na mga pintuan at mga bintana kung maaari upang palakasin ang agos ng hangin.

Linisin at disimpektahin nang lubusan ang mga lugar at mga kagamitan na ginamit ng tao, gaya ng mga opisina, toilet, kusina at mga panlahat na mga lugar.

Ang mga tagapaglinis ay dapat magsuot ng angkop na kagamitan para sa personal na proteksyon, halimbawa, mga guwantes, pangkaligtasang salamin sa mata, at isang maitatapong apron.

5. Alamin at abisuhan ang mga nakakontak nang malapitan

Ang yunit ng pampublikong kalusugan ng estado o teritoryo ang aalam ng mga nakontak nang malapitan ng isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 at sasabihin sa kanila kung ano ang dapat nilang gawin.

Alamin kung sino ang nakontak nang malapitan ng tao sa lugar ng trabaho at kung gaano katagal, at kung saan nagpunta ang mga nakontak nang malapitan ng tao sa lugar ng trabaho.

Ito ay magpapatid sa iyo tungkol sa mga posibleng panganib sa iba, at mga karagdagan ng mga lugar na maaaring kailangang linisin at disimpektahin.

6. Repasuhin ang mga pangkontrol na pamamahala ng panganib

Repasuhin ang inyong pangkontrol na pamamahala ng panganib sa COVID-19 na kasama ang inyong mga manggagawa at tasahin kung kailangan ng mga pagbabago.

Mga hakbang na isasagawa kapag ang tao na iyong ipinag-aalala ay nasa inyong lugar ng trabaho kamakailan.

Ang tao na kamakailan ay nasa inyong lugar ng trabaho, gaya ng isang manggagawa o kostumer, ay maaaring magsabi sa iyo na siya ay may COVID-19. Pag-isipan kung kailan siya nasa inyong lugar ng trabaho at kung siya ay nagkaroon ng malapitang kontak sa iba.

Kahit na sila sa kasalukuyan ay wala sa inyong lugar ng trabaho, maaaring kailanganin mo pa ring sundin ang mga hakbang sa itaas. Humingi ng payo mula sa inyong [pang-estado o pang-teritoryong helpline \(state or territory helpline\)](#).

Kailangan ko bang isara ang aking lugar ng trabaho?

Walang awtomatikong pag-uutos na magsara kasunod ng isang sinuspetsa o kumpirmadong kaso ng COVID-19. Ito maaaring hindi kailanganin kung ang tao ay bumisita lamang sa mga bahagi ng inyong lugar ng trabaho, o kung ikaw ay pinayuhan ng mga pangkalusugang opisyal na ang panganib na malantad ang iba ay mababa.

Kung ang inyong lugar ng trabaho ay kailangang isara ay magdedepende sa mga bagay gaya ng laki, uri ng trabaho, bilang ng mga tao at mga sinususpetsang mga lugar ng kontaminasyon.

Kailan makababalik sa trabaho ang mga manggagawa matapos silang gumaling o makaraan ang panahon ng kuwarentena?

Ang mga manggawang nagbukod ng kanilang sarili matapos magpositibo sa COVID-19 ay makababalik lamang sa trabaho kapag sila ay lubos nang gumaling at naipasang malusog ng mga pangkalusugang opisyal.

Ang mga manggagawang hindi nagkaroon ng mga sintomas sa panahon ng kuwarentena ay makababalik lamang sa trabaho sa sandaling makumpleto nila ang 14-na araw ng kuwarentena. Hindi nila kailangan ng medikal na pagpasa upang bumalik sa trabaho.

Karagdagang impormasyon

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa [Safe Work Australia website](#).